Republic of the Philippines
**UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM**
Sampaloc, Tanay, Rizal
**COLLEGE OF SCIENCE AND EDUCATION**
*"Nurturing Tomorrow's Noblest"*

# PAGGAMIT NG TEORYANG PORMALISTIKO SA PAGSUSURI NG PELIKULANG "ANG LARAWAN" NG MGA MAG-AARAL SA KOLEHIYO NG EDUKASYON NG UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM TANAY, RIZAL

Ang Tesis na Nagpapakita sa

Kaguruan ng College of Science and Education

University of Rizal System

Tanay, Rizal

Bahagi ng mga Gawaing Kailangan sa Pagtatamo ng Titulong

Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya

Medyor sa Filipino

**Neirvin F. Perez**

**March 2018**

## DAHON NG PAGPAPATIBAY

Bahagi ng mga pangangailangan para sa Batsilyer ng Edukasyong Pangsekondarya, ang tesis na ito na may pamagat na **PAGGAMIT NG TEORYANG PORMALISTIKO SA PAGSUSURI NG PELIKULANG "ANG LARAWAN" NG MGA MAG-AARAL SA KOLEHIYO NG EDUKASYON NG UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM, 2017-2018,** ay naihanda at naipasa ni NEIRVIN F. PEREZ, na naimumungkahi para sa pasalitang pagtatasa.

February, 2018

______________________________
Tagapayo

Inaprubahan bilang bahagi ng mga pangangailangan para sa Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya ng Komite ng Pasalitang Pagtatasa.

______________________________
Chairman

______________________________
Miyembro

______________________________
Miyembro

Tinanggap bilang bahagi ng mga pangangailangan para sa Batsilyer ng Edukasyong Pansekondarya.

**GLENDA J. FERRER, Ph D**
Dekana, COSE

**FE D BATOON, Ph D**
Direktor ng Kampus

______________________________
Petsa

## PAGKILALA

Taos pusong pasasalamat ang nais ipahayag ng mananaliksik una sa Poong Maykapal sa lahat ng Kanyang paggabay upang matapos ang pag-aaral na ito:

Nagpapasalamat din siyasa mga taong kanilang inisa-isa rito dahil sa tulong at suporta;

**Dr. Marita R Canapi,** Pangulo ng Unibersidad, dahil sa kanyang pagsuporta sa makalidad na edukasyon sa pamantasang ito;

**Dr. Flordeliza R. Penaranda,** Pangalawang Pangulo ng Unibersidad, dahil sa kanyang pagsuporta sa mga estudyante pagdating akademya;

**Dr. Fe D Batoon,** para sa kanyang pagsuporta upang maibalik ang medyor sa Filipino;

**Dr. Dr. Glenda J. Ferrer,** Dekana ng College of Science and Education, dahil sa kanyang paggabay sa mga mananaliksik na maituloy ang nabinbin na tesis sa mahabang panahon;

**Dr. Ma. Heidee P. Marquez,** na aking guro sa pananaliksik. Dahil sa kanya ako ay nakapagsimula sa aking pananaliksik dahil sa kanyang ambag na karunungan;

**Prof. Raquel D.U Catameo,** na aking gurong tagapayo. Siya ay lubos akong sinusuportahan sa aking tesis at pinaglilinang pa ang aking kaalaman sa aking medyor;

**Gng. Ma. Clarita N. Inofre,** na tumulong sa aspeto ng Matematika bilang aking tagatuos ng datos sa aking pananaliksik; at si

**G. Wilmer I. Villa,** na tumulong sa aking tesis at nagsilbing kritiko sa aking pananaliksik.

## PAGHAHANDOG

Ito ay aking inihahandog sa **Poong Maykapal**, sa aking mga magulang na si **Roberto Perez** at **Joaquina Perez** na laging gumagabay at sumusuporta sa lahat ng oras, gayundin sa aking mga kapatid na sina **Arjay, Arcelyn, Aileyn, Arvin, Ariel at Nestor** na laging handang tumulong sa lahat ng oras. Nagpapasalamat din ako sa aking mga **Guro, kamag-aral** at mga **kaibigan.** Gayundin ang lubusang pasasalamat sa aking guro sa pananaliksik na si **Dr. Ma. Heidee P. Marquez , Prof. Raquel D. U Catameo, Wilmer Villa, Mrs. Ma. Clarita N. Inofre** at **Dr. Glenda J. Ferrer** na naging malaking bahagi sa tesis na ito at ganundin sa aking **Selya.**

-**KaTonyo.**

## Abstrak

Ang pag-aaral na ito ay pumapaksa sa "Paggamit ng Teoryang Pormalistiko sa Pelikulang "Ang Larawan." Ito ay isiginawa sa University of Rizal System, College of Science and Education kung saan ang mga tagasagot ay binubuo ng 53 na mag-aaral.

Ang disenyong paglarawan ay ginamit sa pag-aaral na ito, gayundin ang talatanungan upang masagot ang mga katanungan sa pag-aaral na ito.

Ang mga sumusunod na resulta ay nakamit: Nakahihigit ang may edad na 19-20 sa mga tagasagot, mas marami ang mga babae kaysa sa mga lalaki, nakahihigit ang mga nabibilang sa kursong BSE-Filipino, ang mga magulang (nanay at tatay) ng mga tagasagot ay pinangungunahan ng mga nagtapos sa sekundarya at nakararami sa mga tagasagot  ang nagsabing ang pamilya ay may buwanang kita na P5,001-P10,000.

Ayon naman sa ekstent ng paggamit ng teoryang pormalistiko sa pelikulang "Ang Larawan," ang mga tagasagot ay may mataas na pagsusuri sapagkat nagkamit ito ng berbal na interpretasyong Napakadalas ng Paggamit ng teorya sa pelikula. Sa tatlong aspeto, nangunguna ang madamdaming aspeto at sinundan ito ng literal at teknikal na aspeto. Ayon naman sa makabuluhang pagkakaiba sa pananaw tungkol sa paggamit ng teoryang pormalistiko sa pelikulang 'Ang Larawan," ang haka ay hindi tinanggap ayon sa kanilang edad at edukasyong natapos ng mga tatay at sa lahat ng aspeto ,hindi rin ito tinanggap

ayon sa kasarian, kurso, edukasyong natapos ng mga nanay, at buwanang kita katumbas ng literal at pandamdaming aspeto,

Batay sa mga naisa-isang resulta ng pananaliksik, ang mga sumusunod na konlkusyon ay naibigay: Ang mga mananaliksik ay karamihang nasa 19-20 taong gulang, karamihan ay mga babae, mas marami ang kumukuha ng BSE Filipino. Karamihan sa kanilang mga magulang ay nakapagtapos ng sekundarya at nabibilang sila sa pamilyang may maliit na kita. Napakadalas ng paggamit ng teoryang pormalistiko sa pelikulang ''Ang Larawan'' at nabigyang diin ang tatlong aspetong literal, teknikal at pandamdaming aspeto.May kinalaman at epekto sa pagsusuri ng pelikula ang mga personal na propayl ng mga tagasagot lalo na ang kasarian, kurso, edukasyon ng nanay at buwanang kita sa literal at pandamdaming aspeto.

Mula sa mga resulta at kongklusyon, ang mga sumusunod na rekomendasyon ay nailahad: Mapanatili ang pagbibigay ng mga katulad na gawain ng pagsusuri ng uri ng panitikan sa mga mag-aaral, upang mas mahasa pa ang kanilang kritikal at malikhaing pag-iisip.Makapagbigay pa ng mas malalim na pagpapahalaga sa mga araling pampanitikan upang mapanatili ang pagmamahal ng mga mag-aaral sa panitikan at kultura at magkaroon pa nang pag-aaral sa ganitong paksa gamit ang ibang baryabol.

**TALAAN NG MGA NILALAMAN**

PAMAGAT **i**

DAHON NG PAGPAPATIBAY **ii**

PAGKILALA **iii**

PAGHAHANDOG **iv**

ABSTRAK **vi**

TALAAN NG MGA NILALAMAN **viii**

TALAAN NG MGA TALAHANAYAN

**Kabanata 1**

**SULIRANIN**

Kaligiran at Layunin ng Pag-aaral **1**

Balangkas Teoretikal **5**

Balangkas Konseptuwal **7**

Paglalahad ng Suliranin **9**

Haka **10**

Saklaw at Limitasyon ng Pag-aaral **10**

Katuturan ng mga Katawagang Ginamit sa Pag-aaral **10**

Sanggunian **13**

**Kabanata 2**

**PAMAMARAAN AT KAGAMITAN NG PAG-AARAL**

Disenyo ng Pag-aaral **14**

| | |
|---|---|
| Lugar ng Pag-aaral | **14** |
| Paksa ng Pag-aaral | **15** |
| Pinagkunan ng Datos | **15** |
| Pamamaraan ng Pag-aaral | **16** |
| Estadistikong Ginamit | **18** |
| Sanggunian | **20** |
| **Kabanata 3** | |
| **PRESENTASYON AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS** | |
| Sanggunian | **48** |
| **Kabanata 4** | |
| **PAGLALAGOM, KONGKLUSYON, AT REKOMENDASYON** | |
| Paglalagom | **49** |
| Konklusyon | **51** |
| Rekomendasyon | **51** |
| BIBLIOGRAPIYA | **63** |
| APENDISES | **58** |
| KURIKULUM BITA | **67** |

# Kabanata 1

## *ANG SULIRANIN*

### Kaligiran at Layunin ng Pag-Aaral

Ang panitikan o panulatan ay ang pagsulat ng tuwiran o tuluyan at patula na nag-uugnay sa isang tao. Subalit upang maipagkaiba ito mula sa ibang mga walang saysay na babasahin o patalastas lamang, ang mga panitikan ay ang mainam na pagsulat na may anyo, pananaw, at diwang nakasasanhi ng matagal na pagkawili at gana. Samakatuwid, may hugis, may punto de bista at nakapagpapahaba ng interes ng mambabasa ang isang sulating pampanitikan.

Sa pamamagitan nito ay nagsasalaysay ng buhay, pamumuhay, lipunan, pamahalaan, pananampalataya at mga karanasang kaugnay ng iba't ibang uri ng damdaming tulad ng pag-ibig, kaligayahan, kalungkutan, pag-asa, pagkapoot, paghihiganti, pagkasuklam, sindak at pangamba. Ito ang isang dahilan kung bakit pinag-aaralan ang larangan ng literatura sa mga paaralan. Ang Panitikan ng Pilipinas ay pangunahing tumutukoy sa umiiral, umuunlad, at namamayaning uri at anyo ng katutubong panitikan. Subalit nakakasama rin dito ang mga panitikang nilikha at ginawa ng mga Pilipinong nasa labas ng sariling bansa, sapagkat inakdaan ang mga ito ng mga Pilipino, o ng may-lahing Pilipino sa malawak na nasasakupan ng paksa. Dahil dito, tinatawag ding Panitikang Pilipino sapagkat kinabibilangan ng mga likhang pampanitikang nagmula sa at kinabibilangan ng iba't ibang wika sa Pilipinas.

Ayon kay Felipe mayaman ang Pilipinas sa sari-saring anyo at hubog ng panitikan na naglalarawan sa kalinangan ng mga Pilipino. Kabilang sa mga ito ang kwentong bayan, maikling kwento o maikling katha, sanaysay, tula, dula, nobela, drama, balagtasan, parabola, bugtong, salawikain, kasabihan, pabula, alamat, tanaga, bulong, awiting-bayan, epiko, pelikula at mga iskrip na pangradyo, pantelibisyon at pampelikula.[1]

Tunay na isang isang paglalantad ang panitikan ng mga katotohanang panlipunan at ng mga kathang-isip na guni-guni. Hinahaplos nito ang mga sensorya ng tao: ang pantanaw, pandinig, pang-amoy, panlasa, at pandama. Maituturing na ito ay maihahalintulad sa isang buhay ngunit payak na salitang dumadaloy sa katawan ng tao. May buhay ang panitikan sapagkat may sarili itong pintig at dugong mainit na dumadaloy sa mga arteryo at bena ng bawat nilalang at ng isang buong lipunan. Kapag binasa ang panitikan, pinagmumulan ito ng madamdaming emosyon sa isang tao o pangkat ng mga tao, sapagkat sinulat ang mga ito ng kapwa tao. Tunay na may kaakibat na kahalagan ang panitikan para sa mga Pilipino. Isa itong uri ng mahalagang panlunas na tumutulong sa mga tao upang makapagplano ng sari-sariling mga buhay, upang matugunan ang kanilang mga suliranin at upang maunawaan ang diwa ng kalikasan ng pagiging makatao. Maaaring mawala o maubos ang mga kayamanan ng isang tao, at maging ang kanyang pagiging makabayan, subalit

hindi ang panitikan. Isang halimbawa nito ang pangdadayuhan ng ibang mga Pilipino.

Dahil dito isinama ito sa mga aralin sa pagtuturo ng Filipino. Sa katunayan, sa mga pag-aaral ay nabanggit ang iba't ibang uri ng pagsusuri nito katulad ng pasalindila, pasalinsulat, at ang pasalintroniko.

> "Ang pasalindila ay ang paraan ng paglilipat ng panitikan mula sa dila at bibig ng tao. Noong hindi pa marunong magsulat ang mga ninuno ng mga makabagong Pilipino, binibigkas lamang nila ang mga tula, awit, nobela, epiko, at iba pa. Kalimitang nagtitipun-tiponang sinaunang mga Pilipino upang pakinggan ang mga salaysayin, paglalahad o pamamayag na ito. Paulit-ulit nilang pinakikinggan angmga ito upang matanim sa kanilang isipan. Sa ganitong palagiang pakikinig at pagbigkas ng panitikan, nagawa nilang maisalin ang mga ito papunta sa susunod na salinlahi o henerasyon ng mgaPilipino.Ang pasalinsulat, isinatitik, isinulat, inukit, o iginuhit ng mganinuno ng pangkasalukuyang panahong mga Pilipino ang kanilangpanitikan. Naganap ito noong matutunan nila ang sinaunang abakada o alpabeto,kabilang na ang mas naunang baybayin at mga katulad nito. Samantalang ang bagong kaparaanan ng pag-uuriay ang pansalintroniko, o pagsasalin ng panitikan sa pamamagitanng mga kagamitang elektroniko na dulot ng teknolohiyang elektronika. Ilansa mga halimbawa nito ang paggamit ng mga diskong kompakto, plaka, rekorder (tulad ng *tape recorder* at ng VHS), mga aklat na elektroniko (hindi na binubuklat dahil hindi na yari sa papel, bagkus ay nasa mga elektronikong anyo na), at ang kompyuter. [2]

Ang mga paraang nabanggit ay siyang ginagamit upang mabigyang pagpapahalaga at pagsusuri ang mga gawang pampanitikan, mabigyan ito ng kahulugan at katuturan at maunawaan ng mga mag-aaral sa kasalukuyang panahon ang kahalagahan nito sa pagpapaunlad ng kultura ng kanilang bansa. Sa paggamit ng mga paraang nabanggit, nagkakaroon din ng mas malalim nap ag-iisip, pag-aanalisa ant

pagsusuri ng mga mga aaral kung saan ang tinatawag na higher order thinking skills ay nalilinang pa ng husto.

Isa sa mga uri ng panitikan ang pelikula. Sa paaralan may mga pagkakataong ang guro ay gumagamit ng estratihiyang pagpapanood ng pelikula upang maunawaan at Makita ng mga mag-aaral ang aktuwal na nilalaman ng isang panitikan. Nasusuri nila ang paksa, ang pandamdamin at teknikal na aspeto nito kung napapanood nila ito. Ayon sa isang paliwanag;

> Ang pelikula, kilala din bilang sine at pinilakang tabing, ay isang larangan na sinasakop ang mga gumagalaw na larawan bilang isang anyo ng sining o bilang bahagi ng industriya ng libangan. Dahil naging pangunahing tagapamagitan para sa pagpapakita ng mga gumagalaw na larawan ang letratong pelikula sa kasaysayan, kadalasang tinutukoy ang larangang ito ng akademya bilang ang pag-aaral ng pelikula.Isang anyo ito ng sining, at tanyag na anyo ng mga libangan, at negosyo. Nililikha ang pelikula sa pamamagitan ng pagrekord ng "totoong" tao at bagay (kabilang ang inarte na pantasya at mga peke) sa kamera, at/o sa pamamagitan ng kartun.[3]

Tunay na ginagamit ng mga guro ang 'film showing' o pagpapanood ng pelikula sa mga araling pampanitikan na naisapelikula upang mas maunawaan ng mga mag-aaral ang katuturan nito. Hindi lamang ito ginagamit sa elementarya kundi pati sa sekundarya at sa kolehiyo man. Sa pamamagitan ng panoood, nararamdaman ng mga mag-aaral na para silang kabilang sa mga actor at aktres na gumaganap sa iba't ibang papel ng mga karakter. At sa kanilang panonood mas nauunawaan nila ang katauhan ng isang karaketer na ipinakikilala sa isang

panitikan, naihahambing nila ito sa takbo ng buhay ng bawat tao sa kasalukuyang panahon at nabibigyang pagmamahal ang salinhaling Pilipino dahil sa kanilang mas malalim na pag-unawa ng panitikan na siyang sumasalamin sa kultura at tradisyon ng mga tao.

Dahil dito nagkaroon nag pagnanais ang mananaliksik na pag-aralan ang pelikulang "Ang Larawan" upang malaman ang kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng isang pelikulang Pilipino at mas mabigyang pansin ang teoryang ginamit sa pagsulat nito. Nauunawaan niya na ang mga mag-aaral na kumukuha ng Ingles at Filipino bilang medyor ay mas maraming asignaturang may relasyon sa Panitikan, kung kaya't ninais niyang magpokus sa pag-aaral na ito.

**Balangkas Teoretikal**

Ang pag-aaral na ito ay naaayon sa teoryang Pormalistiko. Ang teoryang ito ay ang sistematikong pag-aaral ng panitikan at ang mga paraan sa pag-aaral ng panitikan. Mayroong iba't ibang teorya para sa pag-aaral na ito.Katotohanan kaysa kagandahan ang mababakas sa teoryang ito. Kahit sino, ano mang bagay at lipunan ay dapat makatotohanan ang paglalarawan o paglalahad. Nagpapahayag din ito ng pagtanggap sa katotohanan o realidad. Tulad sa akda, totoong ang tao ay nasisilaw sa ginhawang maibibigay ng kayamanan. Ang teroyang Formalismo ang pinakanaaayong teorya para sa pag-aaral na ito. Ayon sa isang manunulat, sa teoryang ito ay pinagtutuunan ng pansin sa ang mga istruktura o pagkabuo ng kabisaan ng pagkakagamit ng

matatalinghagang pahayag (sukat, tugma, kaisahan ng mga bahagi, teknik ng pagkakabuo ng akda.[4]

Masasabing ito ang pinakang akmang teorya sa pag-aaral na ito sapagkat ang pokus ng pag-aaral ay nasa paksa, pandamdamin at panteknikal na aspeto ng pelikulang 'Ang Larawan" na hinango mula sa isang panitik. Nauunawaan ng mananaliksik na sa pamamagitan ng mga aspeto ay maipapahayag ng mga mag-aaral ang kanilang pagsusuri gamit ang ginawang talatanungan ng mananaliksik.

**Balangkas Konseptuwal**


Ibinatay ang pag-aaral na ito sa balangkas konseptuwal ni Coomb na nagpapakita ng tatlong component, ang Lagak, Proseso at Bunga.

Ang unang kahon sa kasunod na pahina ay nagpapakita ng lagak na naglalaman ng propayl ng mga tagasagot ayon sa edad, kasarian, kurso, edukasyon ng mga mga magulang at buwanang kita ng pamilya. Naglalaman din ito ng aspeto ng teoryang pormalistiko katulad ng literal na aspeto, teknikal na aspeto at pandamdaming aspeto.

Ang ikalawang kahon naman ay nagpapakita ng mga prosesong ginawa ng mananaliksik upang mabuo ang pag-aaral na ito. Tumutukoy ito sa pagbuo ng tesis proposal, pagbuo ng talatanungan ayon sa mga suliranin ng pag-aaral, pagbalido ng talatanungan, pagpapasagot nito sa mga mag-aaral, pagta tally, paglalagay sa talhanayan, pag-aanalisa ng mga datos at pagbibigay ng interpretasyon.

Ang ikatlong bahagi naman ay ang bunga na nagpapakita ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng Teoryang pormalistiko sa pagsusuri ng pelikulang "Ang Larawan."

Ang pidbak na naipiprisinta ng arrow ay nagpapahayag ng relasyon ng bawat baryabol upang mabigyang kasagutan ang mga suliranin. Ito rin ang nagpapakita ng reaksyong naganap sa bawat hakbang na ginawa sa pag-aaral.




**Pigura 1**

Balangkas Konseptuwal ng Paggamit ng Teoryang Pormalistiko
sa Pagsusuri Ng Pelikulang ''Ang Larawan" ng mga
Mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyon ng
University of Rizal System

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa paggamit ng teoryang pormalistiko sa pagsusuri ng "Ang Larawan," ng mga nasa ika-apat na taon sa College of Science and Education para sa taong panuruan 2018-2019.

Ang mga suliranin sa pag-aaral na ito ay ang mga sumusunod:

1. Ano ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa:

   1.1 edad;

   1.2 kasarian;

   1.3 Kurso;

   1.4 edukasyon ng mga mgagulang;

   1.5 buwanang kita ng pamilya?

2. Ano ang ekstent ng paggamit ng teoryang pormalistiko ayon sa mga sumusunod na aspeto:

   2.1 literal ;

   2.2 teknikal;

   2.3 pandamdaming aspeto?

3. May pagkakaiba ba ang persepyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng teoryang pormalistiono ayon sa mga nabanggit na aspeto ayon sa kanilang propayl?

**Haka**

Nailahad ang hakang may pagkakaiba ang persepyon ng mga mag-aaral sa paggamit ng teoryang pormalistiko ayon sa literal, teknikal at pandamdaming aspeto batay sa edad, kasarian, kurso, edukasyon ng mga magulang at buwanang kita ng pamilya.

**Saklaw at Limitasyon ng Pag-Aaral**

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa paggamit ng teoryang pormalistiko sa pagsusuri ng "Ang Larawan," ng mga nasa ika-apat na taon sa College of Science and Education para sa taong panuruan 2018-2019. Limampu't tatlo (53) na mag-aaral sa ika-apat na taon sa kolehiyo ang ginamit na tagasagot sa pag-aaral na ito. Sila ay nailarawan batay sa kanilang edad, kasarian, kurso, edukasyon ng mga magulang at buwanang kita ng pamilya. Isang talatanungan ang ginamit upang makuha ang paggamit ng teoryang pormalistiko. Nakasaad dito ang tatlong aspeto katulad ng mga sumusunod: literal, teknikal at pandamdaming aspeto.

Ginamit din ang disenyong paglalarawan upang mabigyan ng maayos na larawan ang paraan ng paggamit ng teoryang pormalistiko.

**Katututran ng mga Katawagang Ginamit sa Pag-aaral**

Ang mga sumusunod na salita ay binigyang kalinawan sa pamamagitan ng pagbibigay ng depinisyon:

**Buwanang Kita ng Pamilya**. It ay ang pinagsama-samang sahod ng mga miyembro ng pamilya. Maaring nagsimula ito sa pinakamababa na P5,000-pababa hanggang sa pinakamataas na P30,000 o hight pa.

**Edukasyon ng mga Magulang**. Lebel ng edukasyong nakamtan. Ito ay maaring elementarya, sekundarya, kolehiyo o Master's at Doctorate na lebel.

**Kurso**. Ito ayang kanilang kinukuhang kurso na Bachelor of Secondary Education, ngunit may pagkakaiba sa kanilang medyor. Ang isang grupo ay nagmemedyor ng Ingles at ang isa pa ay Filipino.

**Literal.** Isang aspetong ginagamit sa pag-aanalisa at pagsusuri ng panitikan. Nakapokus ang pagsusuri sa paksa, sa mga tauhan, sa kabuuan at iba pa.

**Teknikal.** Sa pag-aaral na ito, ginamit ang salita upang masuri ang paggamit ng sapat na ilaw, paglalapat ng tunog, pagkakasunud-sunod ng pangyayari, pagganap ng mga tauhan at iba pa na may kinalaman sa teknikal nap ag-aanalisa.

**Pandamdaming Aspeto**. Ito ay nangangahulugan ng pagsusuri ayon sa dating ng panitikang naisadula upang mapukaw ang iba't ibang sensasyon at damdamin ng tao katulad ng pagpapahalaga, pagpuri, pagbibigay ng kagandahan o hindi kagandahan ng pelikula, gayundin ang damdaming binuhay nito sa mga manoood tulad ng pagsasaya, kalungkutan, pag-asa at iba pa.

**Teoryang Pormalistiko.** Ito ay ang sistematikong pag-aaral ng panitikan at ang mga paraan sa pag-aaral ng panitikan.

## Sanggunian

[1]Felipz. *Panitikan ng Pilipinas*, Pinoy Henyo Beta, PinoyHenyo.com, 2007, nakuha noong 25 Abril 2009.

[2]Consolacion P. Sauco,Panitikan ng Pilipinas, Panrehiyon (PDF), Goodwill Trading Co., Inc., ISBN 971-574-081-2, ISBN 978-971-574-081-4

3Malayang Ensayklopedia, "Ang Panitikan at Kahulugan Nito, http://panitikankarunungangbayan.blogspot.com/2015/04/ano-ang-panitikan-ang-panitikan-ay.html, 2010

[4]Teoryang Pampanitikan,http://rosiefilipino10.weebly.com/teorya-ng-pampanitikhtml#/, 2010.

## Kabanata 2

Ang kabanata na ito ay nagpapakita ng ginamit na disenyo sa pag-aaral, lugar ng pinag-aralan, pinagkunan ng datos, prosedyur ng pag-aaral at estadistikang ginamit.

### Disenyo ng Pag-aaral

Ginamit ng mananaliksik ang disenyong panlarawan sa pag-aaral na ito. Ito ang pinaka- akmang disenyo upang mapag-alaman ang paggamit ng teoryang pormalistiko sa pagsusuri ng isang pelikula.

Ayon kay Calmorin ang disenyong panlarawan ay nagpapakita ng mga datos sa pangkasalukuyang kondisyon na may kinalaman sa kapaligiran o tao, mga paksa or pangyayari, uri ng pangyayari at uri ng pagtataya. Ang disenyong panlarawan ay isang pamamaraan ng pagkuha ng makatotohanang datos na may sapat na interpretasyon.[1]

### Lugar ng Pag-aaral

Isinagawa ang pananaliksik sa Kolehiyo ng Edukasyon na matatagpuan sa University of Rizal System Tanay, Main Campus, Barangay Sampaloc sa Munisipalidad ng Tanay, Lalawigan ng Rizal. Ang mga kursong maaring kuhanin sa kolehiyo ng edukasyon ay Batsilyer ng Edukasyon pansekundarya Medyor sa Filipino at Ingles, Batsilyer ng Edukasyon Pang-elementarya, Batsilyer ng Sining

Republic of the Philippines
**UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM**
Sampaloc, Tanay, Rizal
**COLLEGE OF SCIENCE AND EDUCATION**
*"Nurturing Tomorrow's Noblest"*

Medyor sa Ingles, Batsilyer ng Agham Medyor sa Sikolohiya, Batsilyer ng Sining Medyor sa Agham at Politika at Batsilyer ng Sining Medyor sa Haynayan.

**Paksa ng Pag-aaral**

Ang paksa sa pag-aaral na ito ay ang paggamit ng teoryang pormalistiko sa pagsusuri ng pelikula. Ang pagggamit ng teorya ay ayon sa tatlong aspeto, ang literal, teknikal at pandamdaming aspeto na nagpapaliwanag mula sa kabuuan, paksa, mga tauhan, at tema ng isang panitikan. Nagpapahayag rin ito ng pamamaraan sa pagkakabuo nito na kinapapalooban ng paggamit ng ilaw, (lightings) ang tunog (sound) paglalapat ng tunog (background music" pag-arte ng mga tauhan, pagkakabuo ng pelikula at ng panitik at pati na rin ang emosyong naipapakita sa bawat tagpo at pangyayari katulad ng paghanga, pagpapahalaga, kasayahan, kalungkutan at iba pa. Ito rin ay nagpapakita ng pelikulang "Ang Larawan" kung saan ang ginuhit na laarawan ay sumisimbulo sa katangian ng isang Pilipino sa pagguhit, at sa tradisyon at kulturang nagmula pa noong panahon ng digmaan hanggang sa kasalukuyang panahon.

**Pinagkunan ng Datos**

Ang sariling gawang talatanungan na naayon sa pagsusuri gamit ang teoryang pormalistiko ay binuo ng mananaliksik. Ito ay nahahati sa dalawang bahagi, ang una ay tungkol sa propayl kung saan ang edad, kasarian, kurso, edukasyon ng mga magulang at buwanang kita ng pamilya ay binigyang pansin,

gayundin ang aspetong literal, teknikal at pandamdamin upang mabigyang paliwanag ang pormalistikong teorya. Ang pelikulang "Ang Larawan" na pinanood ng mga tagasagot ay nagsilbi ring pinagkunan ng datos. Ang talatanungan ay ipnakita sa mga guro at eksperto sa Research upang mapatunayan ang balidasyon nito.


Kasama rin sa pinagkunan ang 53 mag-aaral sa ika-apat na taon sa kolehiyo na kumukuha ng Bachelor of Secondary Education na may medyor na Ingles at Filipino,

**Pamamaraan ng Pag-aaral**

Sinimulan ang pag-aaral sa pagbalangkas ng paksa kung saan nabuo ang pamagat na siyang naging batayan sa paggawa at pagbuo ng tesis proposal. Kasabay ng pagkakaroon ng Gurong tagapayo, gurong Estadistika at gurong Kritiko ng Wika, gumawa at bumuo ng talatanungan ang mananaliksik. Ito ay ipinakita sa mga gurong eksperto sa Research upang mapag-alaman ang balidasyon nito para sap ag-aaral. Nang mapag-alamang balid, ito ay ipinamigay sa mga tagasagot pagkatapos nilang manood ng pelikulang "Ang Larawan." Ang mananaliksik na rin ang kumuha ng talatanungan mula sa mga mag-aaral, at kanyang nai-tally ang mga datos, naipakita ang mga ito sa talahanayan at binigyan ng analisis at interpretasyon. Mula sa mga nakuhang kasagutan, bumo siya ng konklusyon na sya naming naging gabay sa bagbuo ng rekomendasyon.

Muling naiprisinta ang nabuo at nakumpletong tesis sa mga panel ng pasalitang pagtataya. Matapos ito ay muling inayos at itinama ng mananaliksik ang mga parte ng tesis ayon sa suhestyon ng mga panelist. Nang matiyak ang katamaan ng tesis sa lahat ng aspeto, ito ay naipasa sa mga opisinang may kinalaman sa Research.

Republic of the Philippines
**UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM**
Sampaloc, Tanay, Rizal
**COLLEGE OF SCIENCE AND EDUCATION**
*"Nurturing Tomorrow's Noblest"*



Republic of the Philippines
UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM
Sampaloc, Tanay, Rizal
COLLEGE OF SCIENCE AND EDUCATION
*"Nurturing Tomorrow's Noblest"*

**Pigura 2**

**Mapa ng Kolehiyo ng Eukasyon sa University of Rizal System Tanay, Rizal**

**Estadistikang Ginamit**

Sa pagsagot sa mga katanungang naipahayag sa unang bahagi ng pag-aaral, ang mga sumusunod na estadistika ay ginamit.

1. **Propayl ng mga Tagasagot**

Ang frequency, percentage at rank ay ginamit. Ito ay may pormulang

$$P = \frac{f}{N} \times 100$$

2. **Ekstent ng Paggamit ng Teoryang Pormalistiko**

Ang weighted mean ay ginamit upang sagutin ang katanungan tungkol sa ekstent ng paggamit ng teoryang pormalistiko batay sa aspetong liters, teknikal at pandamdamin.

Ang pormula ay:

$$M = \frac{\sum x}{n}$$

Kung saan ang:

$\sum$ = the sum of…

m = mean

n = the value

Sa pagbibigay ng interpretasyon ng natamong mean, ang eskala sa ibaba ay gnamit:

| Iskala | Interbal | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| 5 | 4.20-5.00 | Napakadalas ng Paggamit |
| 4 | 3.40-4.19 | Madalas ang Paggamit |
| 3 | 2.60-3.39 | Medyo Ginamit |
| 2 | 1.80-2.59 | Madalang ang Paggamit |
| 1 | 1.00-1.79 | Hindi Ginamit |

**Pagkakaiba sa Persepyong ng mga Tagasagot ayon sa Ekstent ng Paggamit ng Teoryanf Pormalistioko ayon sa Literal, Tecknikal at Pandamdaming Aspeto batay sa Propayl**

Ang One Way Analysis of Variance (One-Way Anova ) ay ginamit upang mapag-alaman kung may pagkakaiba basa persepyong ng mga tagasagot sa ekestent ng paggamit ng teoryang pormalistiko ayong sa literal, teknikal at pandamdaming aspeto batay sa kanilang propayl.

Ang pormula sa ibaba ay ginamit:

$$CF=\frac{(\sum x1 \quad +\sum x2 \quad +\sum x3 \quad +\sum x4 \quad )}{n_{1+} n_{2+} n_{3+} n_4}$$

TSS=" $\sum x_1^2 + \sum x_2^2 + \sum x_3^2 + \sum x_4^2 - CF$

BSS= $\frac{(\sum x_1)^2}{n_1} + \frac{(\sum x_2)^2}{n_2} + \frac{(\sum x_3)^2}{n_3} + \frac{(\sum x_4)^2}{n_4} - CF$

WSS= TSS-BSS

## Kabanata 3

## PRESENTASYON, ANALISIS AT INTERPRETASYON NG DATOS

Ipinahahayag sa kabanata na ito ang pagpapakita, pag-aanalisa, at pag-iinterprasyon ng mga datos na nakuha sa pag-aaral.

**Propayl ng mga Mag-aaral**

Edad

Ipinapakita sa talahanayang 1 ang propayl ng mga mag-aaral ayon sa edad.

**Talahanayan 1**

**Propayl ng mga Mag-Aaral Ayon sa Edad**

| Edad | F | Percentage | Rank |
|---|---|---|---|
| 18- Pababa | 3 | 5.7 | 3.5 |
| 19-20 | 39 | 73.6 | 1 |
| 21-22 | 8 | 15.1 | 2 |
| 23- Pataas | 3 | 5.7 | 3.5 |
| Kabuuan | 53 | 100.00 | |

Ipinapakita sa talahanayan 1 na ang mga tagasagot ay pinangungunahan ng mga nasa edad na 19-20 na may frequency na 39 or 73.6 na porsyento. Ito ay pinapangalawahan ng mga nasa edad 21-22 na may bilang na 8 o 15.1 na porsyento at sinusundan naman ng mga nasa

18-pababa at 23- pataas na may magkaparehas na bilang na 3 o 5.7 percent.

Nangangahulugan lamang ito na may mas higit na bilang ang mga tagasagot na nabibilang sa 1-20 na gulang.

**Kasarian**

Ipinapakita ng talahanayan 2 ang propayl ng mga tagasagot ayon sa kasarian.

**Talahanayan 2**

**Propayl ng mga Mag-Aaral Ayon sa Kasarian**

| Kasarian | f | Percentage |
|---|---|---|
| Lalaki | 14 | 26.4 |
| Babae | 39 | 73.6 |
| Kabuuan | 53 | 100.00 |

Malinaw na ipinapakita sa tahanayan 2 na ang mga babae ay may mas higit na bilang  na39 o 73.6 na porsyento kaysa sa mga lalaki sa bilang na 14 o 26.4 na porsyento.  Hindi maitatatwa na mas marami ang mga babaeng tagasagot da pag-aaral na ito.

**Kurso**

Ipinapakita sa talahanayan 3 ang propayl ng mga tagasagot ayon sa kurso

**Talahanayan 3**

**Propayl ng mga Mag-Aaral Ayon sa Kurso**

| Kurso | f | Percentage |
|---|---|---|
| BSE Ingles | 28 | 52.8 |
| BSE Filipino | 25 | 47.2 |
| | 53 | 100.00 |

Ipinapakita sa datos na ayon sa kurso mas nakakarami ang mga kumukuha ng BSE Filipino sa bilang na 28 o 52.8 na porsyento kumpara sa mga kumukuha ng kursong BSE Ingles na mayroong bilang na 25 or 47.2 percent. Malinaw na nakalalamang sa bilang ang mga BSE Filipino.

## Edukasyon ng Magulang (Tatay)

Makikita sa talahanayan 4 ang propayl ng edukasyon ng tatay.

**Talahanayan 4**

**Propayl ng mga Mag-Aaral Ayon sa Edukasyon ng Magulang (Tatay)**

| Edukasyon ng | f | Percentage | Rank |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| Magulang | | | |
| May Yunit sa MAT/MAEd | 1 | 1.9 | 4 |
| Kolehiyo | 13 | 24.5 | 3 |
| Sekundarya | 24 | 45.3 | 1 |
| Elementarya | 15 | 28.2 | 2 |
| Kabuuan | 53 | 100.00 | |

Malinaw sa talahanayang 4 na nangipangkat ayong sa edukasyong natapos, ang mga nagtapos sa sekundarya ang may pinakamataas na bilang na 24 o 45.3 na porsyento. Sila ay sinundan ng mga nagtapos sa elementarya na may 15 o 28.2 na porsyento,  kolehiyo na may 13 o 24.5 na porsyento, at ang may yunit sa MAT/MAEd na may bilang na 1 o 1.9.

Ibig sabihin nito ang karamihan ng mga tatay ng mga tagasagot ay nakapagtapos lamang ng sekundarya.

**Edukasyon ng Magulang (Nanay)**

Ipinapakita sa talahanayang 5 ang propayl ng mga tagasagot ayon sa edukasyong nakamit ng mga nanay.

**Talahanayan 5**

**Propayl ng mga Mag-Aaral Ayon sa Edukasyon ng mga Nanay**

| Edukasyon ng mga Nanay | f. | Percentage | Rank |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kolehiyo | 19 | 35.8 | 2 |
| Sekundarya | 25 | 47.2 | 1 |
| Elementarya | 9 | 17.0 | 3 |
| Kabuuan | 53 | 100.00 | |

Ipinapakita ng talahanayan 5 na ang mga nanay ay pinangungunahan ng mga nagtapos sa sekundarya. Sapagkat ito ang may ipinakitang pinakamataas na bilang sa 25 o 47.2 na porsyento. Sinundan ito ng mga nagtapos sa kolehiyo na may 19 o 35.8 na porsyento at mga nagtapos sa elementarya na may 9 o 17 na porsyento.

Katulad ng datos sa mga ama, nakahihigit din sa mga ina ang mga nakatapos ng sekundarya.

**Buwanang Kita ng Pamilya**

Naipapakita sa talahanayang 6 ang propayl ayon sa buwanang kita ng pamilya ng mga tagasagot.

**Talahanayan 6**

**Propayl ng mga Mag-Aaral Ayon sa Buwanang Kita ng Pamilya**

| Buwanang Kita ng Pamilya | f | Percentage | Rank |
|---|---|---|---|
| P30,001-Pataas | 1 | 1.9 | 6.5 |
| P25,001-P30,000 | 2 | 3.8 | 4.5 |

| | | | |
|---|---|---|---|
| P20,001-P25,000 | 1 | 1.9 | 6.5 |
| P15,001-P20,000 | 2 | 3.8 | 4.5 |
| P10,001-P15,000 | 14 | 26.4 | 3 |
| P5,001-P10,000 | 17 | 32.1 | 1 |
| P5,000- Pababa | 16 | 30.2 | 2 |
| Kabuuan | 53 | 100.00 | |

Malinaw na ipinapakita sa talahanayan 6 na ayon sa buwanang kita, ang mga tagasagot na nagsabing ang kanilang pamilya ay kumikita ng P5,001-P10,000 ay nakakuha ng pinakamataas na bilang na 17 o 32.1 na porsyento. Ito ay sinundan ng mga tagasagot na may kitang P5,000-pababa, may buwanang kita na P10,001-P15,000 na may bilang na 14 o 26.4 na porsyento. Samantalang ang nagsabing kumikita ang kanilang pamilya ng PP15,001-P20,000 at P25,001-P30,000 ay nakakuha ng bilang na 2 o 3.8 na porsyento at ang kahulihan sa kanila ay nagsabing kumikita ang pamilya ng P30,001- pataas at P20,001-PP25,001, sila ay may magkaperahas na bilang na 1 or 1.9 na porsyento.

Masasabing dahil sa sekundarya lamang ang natapos ng mga magulang, isang ebidensya lamang na may maliit na kita ang karamihan sa kanila at nagging dahilan upang mapabilang sa mahirap na pamilya.

**Ekstent ng Paggamit ng Teoryang Pormalistiko sa Pelikulang "Ang Larawan"**

Republic of the Philippines
**UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM**
Sampaloc, Tanay, Rizal
**COLLEGE OF SCIENCE AND EDUCATION**
*“Nurturing Tomorrow’s Noblest”*

**Literal na Aspeto**

Ipinapakita sa talahanayan 7 ang ekstent ng paggamit nfg teoryang pormalistiko sa pelikulang “Ang Larawan” ayon sa literal na aspeto.

**Talahanayan 7**

**Ekstent ng Paggamit ng Teoryang Pormalistiko sa Pelikulang “Ang Larawan”**
**Ayon sa Literal na Aspeto**

| Literal<br>Naipapahayag sa pelikula… | Mean | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. ang pagbibigay diin sa paksa ng pelikula tungkol sa pagguhit. | 4.32 | Napakadalas ng Paggamit |
| 2. pagpapakita ng maayos na pagkakasunod-sunod ng situwasyong ng pamilya. | 4.06 | Madalas ang Paggamit |
| 3. maipahayag ang relasyon ng bawat miyembro ng pamilyang Pilipino. | 4.40 | Napakadalas ng Paggamit |
| 4. makapagbigay buhay sa kulturang Pilipino. | 4.62 | Napakadalas ng Paggamit |
| 5. makapaglarawan ng tauhan ayon sa kanilang pananalita. | 4.45 | Nap[akadalas ng Paggamit |
| 6. maipahayag ang ‘conflict’ at mabigyan ito ng maayos na solusyon. | 4.09 | Madalas ang Paggamit |
| 7. maipaliwanag ang pagpapakita ng relasyon ng kulturang Western sa kultura ng Pilipino | 4.23 | Napakadalas ng Paggamit |

| | | |
|---|---|---|
| 8. mabigyang diin ang tunay na kahulugan ng larawang naiguhit ng ama | 4.57 | Napakadalas ng Paggamit |
| 9. mapahalagahan ang talent ng mga Pilipinong mahusay sa pagguhit at art. | 4.59 | Napakadalas ng Paggamit |
| 10. nakapagpahayag ng pangangailangan ng isang maayos na pamilyang Pilipino. | 4.36 | Napakadalas ng Paggamit |
| Kabuuan na Mean | 4.37 | Napakadalas ng Paggamit |

Malinaw na ipinakikita ng talahanayan 7 na ayon sa ekstent ng paggamit ng pagsusuring pormalistiko batay sa literal na aspeto, and may pinakamataas na mean ay ang aytem "makapagbigay buhay sa kulturang Pilipino,"4.62, at may berbal na interpretasyong Napakadalas na Paggamit. Ito ay sinundan ng mga aytem na "mapahalagahan ang talent ng mga Pilipinong mahusay sa pagguhit at art pati na ang aytem na mabigyang diin ang tunay na kahulugan ng larawang naiguhit ng ama," na may mean na 4.59 at 4.57, parehas na may interpretasyong Napakadalas ng Paggamit. Ang may pinakamababang mean ay " pagpapakita ng maayos na pagkakasunod-sunod ng situwasyong ng pamilya," na may mean na 4.06, may interpretasyong Madalas na Paggamit. Makikitang ang karamihan ng mga aytem na tumutukoy sa paggamit ng literal na aspeto ay nakakuha ng interpretasyong napakadalas na paggamit, kung kaya't nangangahulugan lamang na batay sa literal na pagsusuri kung saan ang paksa tungkol sa larawan na nagpapakita ng husay ng isang Pilipino sa paggihit ay higit na napagtuunan ng pansin sa pelikula. Subalit kung susuriing Mabuti, may ilang bahagi rin na medyo mababa ang pagpapakita sa pelikula katulad ng pagkakasunud sunod ng sitwasyon ng pamilya gayundin pagtalakay sa 'conflict at solusyon' ng kwento.

Ang kabuuang mean na 4.37 ay nakamit at ito ay makapagpapahayag ng implikasyong, kahit magkakaiba ang persepsyon ng mga tagasuri sa paggamit ng literal na aspeto, sila ay nagkakaisa pa rin na nabigyang diin ito sa pelikula sapagkat karamihan ng kanilang pinagsama-samang persepsyon ay may napakataas na interpretasyon.

Ito ay maihahalintulad sa nabanggit ni Hansen, na ang mga sumusulat ng kwento ay nakakapagpahayag sa 'third person" bilang layunin. Sa ganitong paraan, ang paksa ay nakikita mula sa malayo o sa labas, at maihahalintulad sa paggalaw ng kamera, ang may akda ay malayo sa mga tauhan at namamanipula niya ang mga ito, Ayon din sa kanya, si Ernest Hemingway ang madalas na gumagamit nito.[1]

**Teknikal na Aspeto**

Ipinapakita sa talahanayan 8 ang ekstent ng paggamit ng teoryang pormalistiko sa pelikulang "Ang Larawan" ayon sa teknikal na aspeto.

Republic of the Philippines
**UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM**
Sampaloc, Tanay, Rizal
**COLLEGE OF SCIENCE AND EDUCATION**
*"Nurturing Tomorrow's Noblest"*

**Talahanayan 8**

**Ekstent ng Paggamit ng Teoryang Pormalistiko sa Pelikulang "Ang Larawan" Ayon sa Teknikal na Aspeto**

| Teknikal<br>Ang pelikula ay… | Mean | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. may maayos na plot o banghay ng pangyayari. | 4.38 | Napakadalas ng Paggamit |
| 2. may malinaw na mga larawan na nakikita ng mga manoood. | 3.89 | Madalas ang paggamit |
| 3. may maayos at malinaw na ilaw (lighting) para sa iba't-ibang senaryo. | 3.92 | Madalas ang Paggamit |
| 4. malinaw na dayalog or pag-uusap ng mga karakter or artistang gumanap. | 4.19 | Madalas ang Paggamit |
| 5. nagkaroon ng mahuhusay na artista upang maipakita ang tunay na aksyon at emosyon. | 4.64 | Napakadalas ng Paggamit |
| 6. may malinaw na pagkakasunod-sunod ng aksyon at sitwasyon. | 4.30 | Napakadalas ng Paggamit |
| 7. may maayos na 'background music' para mabigyan ng buhay ang bawat bahagi | 4.51 | Napakadalas ng Paggamit |
| 8. nakasunod sa pamamaraan ng presentasyon ng plot tulad ng chronological, foreshadowing ad flashbacks) | 4.38 | Napakadalas ng Paggamit |
| 9. may maayos at malinaw na simula at wakas | 4.25 | Napakadalas ng Paggamit |
| 10. may maayos na pagpapakita ng point of view | 4.34 | Napakadalas ng Paggamit |
| Kabuuan na Mean | 4.23 | Napakadalas ng |

Paggamit

Ipinapakita sa talahanayan 8 na may mataas na pagsusuri sa teknikal na aspeto ang mga tagasagot. Sa katunayan ang unang tatlong aytem na kanilang binigyan ng mataas na mean ay ang mga sumusunod, "nagkaroon ng mahuhusay na artista upang maipakita ang tunay na aksyon at emosyon, may maayos na 'background music' para mabigyan ng buhay ang bawat bahagi, may maayos na plot o banghay ng pangyayari at nakasunod sa pamamaraan ng presentasyon ng plot tulad ng chronological, foreshadowing ad flashbacks," na may mga mean na 4.64, 4.51 at 4.38. Ang pinakamababang mean ay mapapansin sa aytem na "may malinaw na mga larawan na nakikita ng mga manoood," na may mean na 3.89 at may berbal na interpretasyong Madalas ang Paggamit.

Dahil dito, masasabing bukas ang isip ng mga tagasagot na ang pagkakaroon ng maayos nap ag-akto ng mga tauhan, ang tamang 'background music na magpapakita ng damdamin, ang maayos na pagkakabanghay ng kwento o plot pati na ang paggamit ng pamamaraan sa pagdaloy ng mga sitwasyon o aksyon ay parte ng teknikal na aspeto na nagbibigay buhay at ganda sa isangpelikula.

Ang kabuuang mean naman na 4.23, Napakadalas ng Paggamit ay nakamtan. Ipinapaliwanag mula rito ang implikasyon na mahusay ang teknikal na aspeto ng pagsasapelikula ng "Ang Larawan," at ito ay malinaw na

naobserbahan ng mga tagasubaybay na may kaalaman sa pagsusuri ng gawang panitikan.

Maihahalintulad ito sinabi ni Hudson na ang banghay ng kwento (plot) ay naipapahayag sa pamamagitan ng tatlong pamamaraan, ang una ay tungkol sa kundisyon ng aksyon, na naglalaman ng sanhi, at gumagalaw papunta sa kalagitnaan ng kwento.[2]

**Pandamdaming Aspeto**

Ipinapakita sa talahanayan ang ekstent ng paggamit ng teoryang pormalistiko sa pelikulang "Ang Larawan" ayon sa pandamdaming aspeto.

Republic of the Philippines
**UNIVERSITY OF RIZAL SYSTEM**
Sampaloc, Tanay, Rizal
**COLLEGE OF SCIENCE AND EDUCATION**
*"Nurturing Tomorrow's Noblest"*

**Talahanayan 9**

**Ekstent ng Paggamit ng Teoryang Pormalistiko sa Pelikulang "Ang Larawan" Ayon sa Pandamdaming Aspeto**

| Pandamdamin<br>Ang pelikula… | Mean | Berbal na Interpretasyon |
|---|---|---|
| 1. nagsilbing daan upang mapukaw ang damdaming maka-Pilipino. | 4.56 | Napakadalas ng Paggamit |
| 2. nagpakita ng kulturang Pilipino. | 4.62 | Napakadalas ng Paggamit |
| 3. nagging daan upang mas pagtibayin pa ang samahan ng bawat pamilya. | 4.48 | Napakadalas ng Paggamit |
| 4. nabigyang diin ang mga magagandang asal at tradisyon ng mga Pilipino. | 4.54 | Napakadalas ng Paggamit |
| 5. ay pamamaraan upang maala-ala ang mga naganap noong unang panahon. | 4.67 | Napakadalas ng paggamit |
| 6. nakapagbigay ng kahalagahan ng kasaysayan sa kasalukuyang panahong pinagdadaanan ng mga Pilipino. | 4.56 | Napakadalas ng Paggamit |
| 7. naipamalas ang magagandang kalikasan ng Pilipinas. | 4.12 | Madalas ang paggamit |
| 8. nagbigay daan upang pahalagahan ang sining at ang mga gawang sining. | 4.66 | Napakadalas ng Paggamit |
| 9. isang paraan upang mabigyang halaga ang angking talion ng mga Pilipino. | 4.58 | Napakadalas ng paggamit |
| 10. nakapagmalas ng kakayahang bumuo ng isang magaling na pelikula. | 4.71 | Napakadalas ng Paggamit |

| | | |
|---|---|---|
| Kabuuan na Mean | 4.40 | Napakadalas ng Paggamit |

